# GURO SA PANAHON NG TEKNOLOHIYA

*ni:*
**JOYCE ANNE R. GUEVARRA**
*Teacher II Tomas Pinpin Memorial Elementary School, SDO Abucay Annex*

"Ano na naman ba yan?!" Yan ang unang palaging nasasambit ng mga guro kapag gumagmit ng teknolohiya o may bagong katulad ng laltop, smartphones at iba pang Applications.

Marami sa ating mga guro ang ayaw ng pagbabago. Sapalagay kasi nila ito ay nakakaubos ng oras, nakakalito, nakakastress at pahirap. Bakit pa kailangan kung pwede naman ang tradisyunal? Ilan lamang yan sa mga tanong ng guro.

Meron din naming mga guro na pinipilit itong matutunan. Pinipilit dahil nakikita nila ang importansiya at kahalagahan ng paggamit ng teknolohiya.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa panahon ngayon, ang isang guro ay DAPAT palaging handa. Handa sa pagbabago at bukas ang isipan lalo na pagdating sa teknolohiya. Maging bukas ang puso at isipan natin sa paggamit ng mga ito. Kung minsan dumadating sa punto na gusto mo nang magresign dahil sa mga ipinagagawa gamit ang computer, laptop at iba't-ibang applications.

Bilang isang ICT Coordinator, at kasama sa Departamento ng Edukasyon, ang paggamit ng anunamang teknolohiya o Application ay hindi natututuhan magdamag. Ito ay masusi din naming inaaral. Nagsasaliksil, nagtitiyaga at nagsisikap na ito ay mabilis matutunan upang pag ito ay itinuro naming sa aming mga kasamahan ay kanila itong mauunawaan.

Piliin natin maging bukas ang ating mga isipan sa bagong kaalaman. Ang DepEd, particular ang Dibisyon ng Bataan ay naglalayong maging mabilis at magaan ang

paggamit ng teknolohiya. Nagkakaroon ng sunod-sunod na Webinars/Seminars sa paggamit ng mga ito at ang isang Milestone Achievement nga ng ating Dibisyon ay ang paggamit ng Makabagong Application tulad ng Quizalize – Zzish, na kung saan hindi na kinakailangang mag-check ng mga guro manuall. Gagamit lamang ng Scan App at malalaman na kaagad ang iskor ng mga bata. Noong una ay napakaraming kuro-kuro ang lumabas, ganun naman talaga tayo, pero kalaunan nga ay Nakita na ng mga guro ang magandang naidudulot nito sa pagpapadali ng trabaho.

Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, huwag nating isipin na ito ay pahirap at hindi natin kaya. Bagkus, pag-aralan ito kasama ang ating puso. Kung may hindi maintindihan, magtanong sa mga nakakaalam.

Lagi tayong maging positibo sa ating mga gawain anuman ito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

https://www.ictesolutions.com.au/blog/the-role-of-the-teacher-in-a-technology-rich-learning-environment/#:~:text=most%20impressive%20technology.-,The%20role%20of%20the%20teacher%20in%20a%20technology%2Drich%20learning,and%20what%20is%20readily%20available.